**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 13, 89-101

# Pagbubukas ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino: Isang feasibility study

Yangat, Olivia L. ✉
*Mountain Province State University, Philippines (eliseoyangat1225@gmail.com)*
Olayen, Cristine D.
*Mountain Province State University, Philippines (christineolayen@gmail.com)*




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 7 August 2024 **Revised**: 2 September 2024 **Accepted**: 7 September 2024
**Available Online**: 7 September 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24091

***Abstract***

This research aims to assess the feasibility of offering a Bachelor of Secondary Education (BSEd) major in Filipino at Mountain Province State University (MPSU). A descriptive research design was employed, with data primarily gathered through surveys, while internal factors were sourced from college records. The information collected from the surveys and studies was used to draw conclusions and make recommendations for this program. The research found that: (1) there is a sufficient number of students interested in this program, indicating that its launch would be effective, (2) the needs of the students, the qualifications of the teachers, educational facilities and services, and employment opportunities are crucial factors in the establishment of the BSEd Filipino program in MPSU, (3) the BSEd Filipino program has positive feasibility and can be endorsed for opening based on various criteria. As a result, the following recommendations were made: (1) conduct a more in-depth analysis or survey to better understand students' motivations for enrolling in the BSEd Filipino program, (2) consider the identified factors in launching the BSEd Filipino program to ensure its long-term development, (3) while endorsing the opening of the BSEd-Filipino program, it is also necessary to address the actual needs of the students such as: (a) ensuring the presence of qualified teachers and providing ongoing training to maintain teaching quality, (b) ensuring adequate and well-maintained facilities and services, (c) evaluating job opportunities after completing the course, and (d) regularly assessing and evaluating the BSEd Filipino program.

***Keywords:*** Bachelor of Secondary Education, major in Filipino, feasibility study, factors, new program

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Pagbubukas ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino: Isang feasibility study


## 1. Abstrakt

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang pagkakaroon ng programang Bachelor of Secondary Education (BSEd) major Filipino sa Mountain Province State University (MPSU). Gumamit ito ng deskriptibong uri ng pananaliksik at survey bilang pangunahing kasangkapan sa pagkuha ng datos, habang ang mga internal na salik ay mula sa tala ng kolehiyo. Natukoy sa pananaliksik na: (1) may sapat na dami ng mag-aaral na interesado sa programang ito, at ang pagbubukas nito ay magiging epektibo; (2) ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kurso, kwalipikasyon ng mga guro, pasilidad at serbisyong edukasyonal, at oportunidad ng trabaho ay mga mahahalagang salik sa pagbubukas ng programang BSEd Filipino sa MPSU; (3) ang programang BSEd Filipino ay may positibong feasibility at maaaring iendorso ang pagbubukas nito batay sa mga kategorya tulad ng: profile ng mga guro, deployment sa practice teaching, budgetary requirements, at kasapatan ng pasilidad, kagamitan, at serbisyo. Bilang resulta, inirekomenda ang mga sumusunod: (1) magsagawa ng mas malalim na pagsusuri upang lubos na maunawaan ang mga motibasyon ng mga mag-aaral sa pag-enrol sa BSEd Filipino; (2) isaalang-alang ang mga natukoy na salik sa pagbubukas ng programang BSEd Filipino upang may pangmatagalang pag-unlad; (3) tiyakin ang pagtugon sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral gaya ng: pagkakaroon ng kwalipikadong mga guro at patuloy na pagsasanay, sapat at maayos na pasilidad at serbisyo, pagsusuri ng oportunidad ng trabaho matapos ang kurso, at regular na pag-audit ng programa upang matiyak ang pagtupad sa mga layunin nito.


***Susing Salita***: major in Filipino, feasibility study, mga salik, bagong programa

## 2. Introduksyon

***Kaligiran ng Pag-aaral* -** Isang hamon sa isang institusyon ang pagbubukas ng bagong programa dahil nangangailangan ito ng masusing pag-aaral at paghahanda. Ang pag-aaral ukol sa posibilidad ng pagbubukas ng bagong kurso ang pinakaunang hakbang na siyang layunin ng pag-aaral na ito. Ito din ang kahingian ng Commission on Higher Education, ang *feasibility study*, para sa pagbubukas ng bagong programa o kurso. Isa sa pangunahing nakikita ng departamento ang pagbubukas ng iba pang programa upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng mga mag-aaral. Ang institusyon ang pinagmumulan ng mga manggagawa sa kinabukasan, kanilang hinuhubog upang maging kapakipakinabang sa lipunan na kanilang ginagalawan. Dahil sa paniniwalang ito at dahil sa pagnanais ng mga mananaliksik na tugunan ang pangitain ng kolehiyo na "Natatanging pamantasan na may pagsulong na kultura at sumasaklaw sa lahat ng uri ng pag-unlad" kaya't isinagawa ang pag-aaral na ito. Ang pagbubukas ng iba pang programa ay pagganyak sa mga mag-aaral na sundin ang kanilang mga hangarin na maging guro sa kinabukasan ayon sa larangan ng pagdadalubhasa na kanilang nais at hindi dahil sa walang ibang mapagpipilian. Sa pag-aaral ni Morgan, B. et al. (2018) sa mga feasibility studies na isinagawa kung bakit mahalaga na magsagawa ng feasibility study pangunahing layunin ng pagsasagawa ng *feasibility study* ay upang makita kung maaari o di maaaring isaalang-alang ang pagbibigay ng panahon at pagpaplano para sa isang proyekto.

Ayon sa CHED Memorandum No. 75 s. 2017 na naglalaman sa "*Policies, Standards and Guidelines for Bachelor of Secondary Education"* ay naglalahad din ng mga angkop na pamamaraan ng pagtugon sa pangangailangan ng K to 12 Curriculum kaya't may ilang pagbabago sa mga kurso at programang maaaring buksan ng isang kolehiyo o unibersidad at isa na rito ang Bachelor of Secondary Education major in Filipino. Kaya't ang pag-aaral na ito ay tumutugon din sa inilalahad ng CHED na mga istandard. (CHED CMO No. 75, s. 2017). Sa implementasyon ng K to 12 Curriculum, maraming mga guro ang kinailangan sa Kagawaran ng Edukasyon kasama na rito ang mga guro sa Filipino. Subalit sa pagbubukas ng maraming oportunidad para sa

mga guro ay isa namang hamon ang pagkukulang ng mga ito sa ibang disiplina. Dahil dito may mga guro na nagtuturo na hindi naaayon sa kanilang kinuhang disiplina (Bayani, R. 2017). Sa kanyang pag-aaral lumabas ang ilang suliranin gaya ng pagsasabi halos lahat ng mga tagatugon na sila'y may kahirapan sa paggamit ng Wikang Filipino lalong-lalo na sa talakayan. Ang pagpapaliwanag at pagpapalalim sa aralin sa Filipino ay isang pagsisikap sa kanilang panig dahil sila'y nabubulol at naghahagilap ng nararapat na salitang gagamitin. Pangalawa ay kabiguan at kawalan ng kapanatagan. Kulang sila ng tiwala sa sarili sapagkat hindi nila gamay ang wika gayundin sa aralin at alam nilang sila'y hindi kuntento sa pagpapaliwanag at pagpapalalim sa aralin.

Ang pagbubukas ng programang Bachelor of Secondary Education major in Filipino ay tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na walang kakayahang magbayad ng matrikula sa mga pambribadong unibersidad at malalayong kolehiyo at nang mapalapit sa kanila ang kaledad ng edukasyon na di kailangang mag-aral sa malayong lugar. Sa pagkakaroon ng medyor sa Filipino sa kolehiyo ay makakatulong ito sa inilalahad ng Artikulo XIV Seksyon 7 ng Saligang batas ng Pilipinas na "Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinang, ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas at sa iba pang mga wika. Alinsunod sa mga tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa Sistemang pang-edukasyon". Isang pagtupad sa batas na ito ang pagtataguyod sa pagkakaroon ng mga gurong magtuturo ng Filipino. Sa artikulo ni Chaviz, R. (2022), inilahad niya na isa pa sa dahilan kung bakit ang wikang Filipino ay nananatiling naluoy at namuril sa ating sariling bansa sa bagong siglo ay ang paglipana ng mga makabagong teknolohiya. Kasabay ng pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya ay ang pagkawala ng ating makalumang mga paraan ng pagsulat at pananalita. Kapansin-pansin sa mga kabataan ngayon ang hindi wastong pagdedekowd ng mga titik ng isang salita gamit ang text, kadalasan ay kinakaltasan nila ito ng ponema. Naiimpluwensiyahan ng kaparaanang ito maging ang pagsulat nila ng komposisyon sa paaralan at tila nakakaligtaan ang wastong pagbabaybay gayundin ang wastong estilo at gramatikang tinuran ng kanilang guro sa silid-aralan.

Sa pag-aaral ding isinagawa ni Augusto, W. (2020) *na "Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri*" lumalabas din na may mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino na hindi nila disiplina. Ito lamang ay kanilang tinatanggap upang mabigyan ng trabaho o hindi sila kukulangin ng yunit na ituturo. Batay sa kinalabasan ng kanyang pag-aaral Hindi gaanong nabibigyang lalim ng mga guro ang paksa sa Filipino na kanilang tinuturo dahil hindi sila eksperto rito. Natuklasan din sa pag-aaral na ang pagtuturong out-of field ay may negatibong dulot sa emosyonal na aspekto ng guro. Nagbibigay rin ito sa kanila ng suliranin at balakid na maging epektibo. Subalit, sa kabila ng mga pagsubok ay nagsikap sila na umangkop sa iba't ibang sitwasyong kanilang kinakaharap.

Ang pagtuturong out-of-field ay taliwas sa misyon ng Kagawaran ng Edukasyon na protektahan at itaguyod ang karapatan ng bawat Pilipino na magkaroon ng edukasyong (basic education) may kalidad, pantay, at kompleto para sa mga mag-aaral at guro (DepEd Order 36, s. 2013). Ipinapakita lamang nito ang kabiguan ng mga administrador ng Kagawaran ng Edukasyon na magkaroon ng quality assessment at assurance sa pagpili ng guro. Ayon kina Malek at Mishra (2016), ang quality assessment at assurance sa programang edukasyon ay nakatuon sa internal at eksternal na pagtataya sa pangkalatahang pagtatamo ng bawat guro at institusyon sa tulong ng mga nakatalagang pamantayan.

Sa panahong ito ng globalisasyon ang wikang Filipino ay nagiging bahagi na rin ng pandaigdigang wika, sa Estados Unidos, ito ang pang-apat na pinakagagamiting wika (The Harvard Crimson). Sa paskil ng The Harvard Crimson (2023) ang Harvard University Department of South Asian Social Studies ay nagbukas ng Tagalog Language bilang isang kurso dahil dito. Ang co-President ng Unibersidad na si Marcky C. Antonio ay nagsabing bagamat ito di umano ang unang kurso sa wikang Tagalog na inaalok sa kasaysayan ng Harvard, kailangan ding tiyakin na itinuturo ito nang tama. Dagdag pa niya hindi lang ang wikang Tagalog ang ituturo kundi kasama na ang kulturang Pilipino sa kabuuan. Batay sa kanyang pahayag ang gurong magtuturo sa kursong ito ay nararapat

na may sapat na kaalaman sa wika kasama na ang pagppapalalim sa aralin nang sa gayon ay matumbok nito ang kulturang Pilipino. Sa isang paskil ng "The Varsitarian" na opisyal na pahayagan ng Unibersidad ng Santo Tomas (Santos, 2012), nagsalita sa panayam na ito sina Dr. Florentino Hornedo, propesor ng panitikan at pilosopiya sa UST Graduate School, at Dr. Elynia Ruth Mabanglo, makata at propesor ng panitikang Filipino sa University of Hawaii. Ayon kay Mabanglo, patunay rito ang pag-usbong ng mga tindahan, konsiyerto at patalastas sa ibayong-dagat na nakatuon sa mga mamimiling Pilipinong nakatira roon. Inilahad din naman niya na pinag-aaralan na ang Filipino pati na ng mga sundalong Amerikano bilang bahagi ng kanilang mga istratehiya sa seguridad ng Estados Unidos. Ani Mabanglo, bahagi ito ng kanilang pagsasanay bago sila ipadala sa Pilipinas. Dagdag din niya na inaalok na rin ang pag-aaral ng Filipino bilang isang kurso sa ilang pamantasan sa Estados Unidos katulad ng University of Hawaii, Cornell University, University of Wisconsin at University of California. Patunay lamang na ang Wikang Filipino ay hindi lamang sa Pilipinas itinuturo kundi pati na rin sa ibang bansa. Sinasabi ng ilan na ang Filipino ay maaaring pag-aralan sa lansangan, kung sa lansangan natin ito pag-aaralan nasaan na ang sinasabi nating kategorya ng wika? Hindi lang pananalita sa wikang Filipino ang pinag-aaralan sa Filipino. Sabi nga ni Mabanglo palalimin sana ang pag-aaral sa wikang Filipino hindi lang ang wika kundi kasama na ang kultura.

## 3. Kahalagahan ng pag-aaral

Nakatutulong ang pagbubukas ng kursong ito sa pagganyak sa mga mag-aaral na kumuha ng Filipino bilang kanilang pagkadalubhasa. Sa tala ng Registry of Qualified Applicants kung saan tatlo ang pinakamataas ng bilang mula sa bayan ng Paracelis samantalang sa ibang bayan at paaralan ay ni walang isa mang aplikante (Deped Tayo Mountain Province). Ang mga talang ito ay pagpapatunay lamang na malaki ang gampanin ng institusyon na tugunan ang pangangailangang ito. Samantalang ang pangangailangan.

Ang pagsasagawa ng feasibility study na ito ay ibinatay sa 3 Year Strategic Planning of Teacher Education Department noong April 12-14, 2021. Batay sa mga nakalap na impormasyong ito, ang mga mananaliksik ay nagkaroon ng interes upang subukang alamin kung may posibilidad bang mabuksan ang Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Tadian Campus. Kung magkakaroon ng pagbubukas ng bagong programa, sa kahingian ng CHED ay kinakailangan ng isang feasibility study bago ito maisakatuparan upang matukoy kung magtatagumpay. Ang MPSU, ang natatanging unibersidad sa probinsya, ang siyang sandigan ng mga mag-aaral upang makapagtapos sa kanilang pinapangarap na kurso na may kalidad, nang hindi na kailangang pumunta sa syudad. Sa ganitong paraan, hindi na sapilitang mag-enrol ang mga estudyante sa kursong hindi nila gusto dahil wala silang pagpipilian. Bukod dito, ang pagkakaroon ng mga bagong programa ay magbibigay ng mas maraming oportunidad sa mga mag-aaral na makakuha ng edukasyon na angkop sa kanilang mga interes at pangangailangan, na magdudulot ng mas mataas na antas ng kasiyahan at tagumpay sa kanilang mga karera. Ang feasibility study ay isang mahalagang hakbang upang masiguro na ang mga bagong programa ay magiging matagumpay at makakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad. Sa pamamagitan nito, natutukoy ang mga potensyal na hamon at oportunidad, na nagbibigay-daan sa mas maayos na pagpaplano at implementasyon ng mga programa.

### *3.1 Paglalahad sa Suliranin/ Layunin ng Pag-aaral*

Nilayon ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod na suliranin:

- Ano ang kabuuang porsyento ng mga mag-aaral mula sa survey ang nagnanais kumuha ng BSEd Filipino?
- Ano-ano ang mga salik na nakakaimpluwensya sa pagbubukas ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Tadian Campus?
- Ano ang feasibility ng pagbubukas ng programang Bachelor in Secondary Education major in Filipino sa MPSU –Tadian Campus batay sa sumusunod: Profile ng instructors na magtuturo, practice teaching

deployment, budgetary requirement, and kasapatan ng pasilidad, kagamitan at serbisyo ng paaralan


### *3.2 Kahalagahan ng Pag-aaral*

Napakahalaga ng pag-aaral na ito sa panig ng mga mananaliksik, sa institusyon, sa mga mag-aaral, magulang at sa Kagawaran ng Edukasyon. Sa pagkawala ng araling Filipino sa kolehiyo ay nawalan ng mga araling Filipino na nagdulot sa ilang instructor na magturo ng mga araling *out-of-field* sa kanilang dinalubhasa o mga araling hindi wikang Filipino ang ginagamit bilang midyum ng instraksyon. Naniniwala ang mga mananaliksik na nakatutulong ito sa Kagawaran ng Edukasyon sa pagtugon sa kanilang pangangailangan sa kakulangan ng mga gurong magtuturo ng Filipino. Ito din ay magiging kagaanan sa mga mag-aaral at magulang sa aspetong pinansyal dahil ang kurso na nais ng mag-aaral ay napalapit sa kanya at sa isang pampublikong kolehiyo na di-gaanong mataas ang matrikula. Nakatutulong din ang pag-aaral na ito sa administrasyon sa kanilang pagpaplano, paghahanda at pagsuporta sa mga bagong programa o kurso na mabubuksan sa institusyon. Ito din ay mahalaga sa paglinang at pagpapaunlad sa kurikulum ng Departamento ng Edukasyong Pangguro.

Ang pagbubukas ng Bachelor of Secondary Education (BSED) major in Filipino sa isang unibersidad sa Mountain Province, na siyang tanging unibersidad sa lugar, ay magkakaroon ng ilang mahalagang implikasyon sa iba pang mga paaralan sa rehiyon gaya ng; Pagsisiguro ng suplay ng guro, magkakaroon ng mas maraming lokal na guro na may sapat na kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay maaaring mabawasan ang pangangailangan ng mga paaralan sa rehiyon na mag-hire ng mga guro mula sa ibang lugar o mag-assign ng mga guro na hindi major sa Filipino; Pagtaas ng kalidad ng edukasyon, dahil mas magiging handa at kwalipikado ang mga guro sa pagtuturo ng Filipino, maaasahan na tataas din ang kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang ito. Ang mga paaralan sa rehiyon ay maaaring makakita ng pagbuti sa mga resulta ng estudyante sa Filipino at maiiwasan na rin ang suliranin sa pagtuturong out-of-field; Pagkakaroon ng mas mahusay na pagkakataon sa karera, ang mga lokal na mag-aaral na interesado sa Filipino ay magkakaroon ng oportunidad na kumuha ng kurso sa kanilang sariling lalawigan, na magbibigay sa kanila ng mas magandang pagkakataon na makahanap ng trabaho sa kanilang lugar pagkatapos ng kanilang pagtatapos at masosolusyonan na rin ang pagkukulang ng mga gurong magtuturo ng Filipino sa rehiyon; at Pag-angat ng kultura at wika, maaaring magresulta ito sa mas mataas na pagpapahalaga sa kultura at wikang Filipino sa rehiyon. Ang mga paaralan sa lugar ay maaaring magsagawa ng mas maraming aktibidad na nagtataguyod ng wika at kulturang Pilipino lalo na't ang rehiyon ay hindi karaniwang gumagamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw nilang pakikipagtalastasan. Ang pagbubukas ng kurso ay may potensyal na magdulot ng malalaking pagbabago sa edukasyon at ekonomiya ng rehiyon, habang nagtataguyod ng lokal na kaunlaran at pagpapatibay ng identidad pangkultura.

### *3.3 Paradim ng Pag-aaral*

Ang kalalabasan ng pag-aaral na ito ang magiging batayan kung ipagpapatuloy ba ang pagbubukas ng kursong Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Tadian Campus. Ito din ay magiging daan upang mapaghandaan ang mga pangangailangan sa nasabing kurso.



## 4. Pamaraan ng pag-aaral

***Disenyo ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral ay gumamit ng kuwantitatibong pananaliksik na descriptive-survey na kung saan ay nagsagawa ng survey bilang pangunahing kasangkapan sa paglikom ng mga datos sa una at ikalawang suliranin at ang pangatlong katanungan ay gumamit ng pagtatasa, ang pangangailangan para sa pagsusuri ng dokumento ay itinuturing na isang pangangailangan. Ang mga mahahalagang dokumento na sumailalim sa pagsusuri ay kasama ang profile ng faculty, mga pasilidad sa laboratoryo at mga paghawak sa aklatan. Ang mga ito ang mga nagsilbing kagamitan sa pagtataya sa feasibility ng pagbubukas ng programang Bachelor of Secondary Education major in Filipino.

***Populasyon at Lokasyon ng Pag-aaral -*** Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa limang malalapit na bayan sa MPSU-Tadian Campus- Tadian, Bauko, Sabangan, Mankayan at Cervantes na siyang pangunahing lugar na maaaring panggagalingan ng mga mag-aaral na Senior High School at mga stakeholders ng MPSU- Tadian Campus. Ang populasyon ay sapat nang mga Sa pagpili ng mga tagatugon ay isinagawa ang purposive sampling. Magbibigay din ng mga talatanungan para sa mga opisyal ng lugar sapagkat sila ang matibay na kabalikat ng paaralan sa pagpapatupad ng programa ng institusyon. Ang mga guro at mga gradweyt ng paaralan at ilang namumuno sa institusyon gaya ng director at mga nagiong director sa kurikulum ay isinama rin upang matukoy ang mga salik na nakakaimpluwensya sa pagpapatupad ng bagong programa.

***Paglikom ng mga Datos -*** Ang survey ang pinakapangunahing ginamit sa paglikom ng mga datos na siyang sinuri upang mataya kung feasible ang pagbubukas ng isang bagong programa sa Teacher Education Department – Tadian Campus. Ang mga katanungan ay mula sa iba't ibang feasibility study na isinagawa ng iba't ibang mananaliksik at ipinavalidate sa limang mga mananaliksik sa Teacher Education Department. Ang mga salik na nakakaimpluwensya sa pagbubukas ng bagong kurso ay natamo mula sa mga gurong tagatugon, opisyales at mula sa namuno ng kurikulum. Ang datos para sa dokumentaryong pagtatasa ay mula sa iba't ibang departamento ng institusyon at kinuha sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot mula sa pangulo ng kolehiyo.

***Pamaraan ng Pagtrato ng mga Datos -*** Ang mga mananaliksik ay sumunod sa mga panuntunan ng pagsasagawa ng pananaliksik gaya ng: paghingi ng pahintulot mula sa mga tagatugon, pagkakaroon ng informed consent; na sila'y maging bahagi ng pag-aaral na ito; pamumudmod sa mga talatanungan sa mga tagatugon; paglikom sa mga datos; pagtatala at pagsusuri sa mga ito. Samantalang ang mga tala sa internal na kalagayan ay kinuha ang mga datos sa loob ng kolehiyo sa pahintulot ng pangulo ng kolehiyo na siyang susuriin sa pagtugon sa ikatlong suliranin ng pag-aaral na ito. Dahil ang paglikom ng mga datos ay sa kasagsagan ng COVID 19 ang mga mananaliksik ay sumunod sa panuntunan ng IATF.


***Pagtrato ng mga Datos -*** Ang mga datos na nilikom sa unang tanong ay gagamit ng descriptive statistics at sa mga salik na nakakaimpluwensya sa pagpapatupad ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino ay itinali upang makuha ang frequency count at bahagdan ng kinalabasan ng datos gayundin sa ikalawang suliranin. Samantalang ang ikatlong tanong sa suliranin ay kinuha ang mga tala sa loob ng kolehiyo na siyang sinuri upang matugunan ang ikatlong katanungan ng pag-aaral na ito. Inilahad ang kasalukuyang kalagayan ng institusyon para sa kinakailangan ng pagbubukas ng bagong programa.

## 5. Resulta at diskusyon


Matutunghayan sa bahaging ito ang mga kinalabasan ng pag-aaral kung feasible ang pagbubukas ng BSED-Filipino sa Tadian Campus. Hinati sa tatlong tema ang paglalahad. Ang tsart ay nagpapakita ng kabuuuang bilang ng mga tagatugon na may isandaan walumpu't dalawa (182). Ang bilang ng mga mag-aaral na natala sa pag-aaral na ito ay umabot sa siyamnapu't pito (97) na mula sa senior high school sa Tadian, Bauko, Cervantes, Mankayan at Sabangan. Ang mga magulang ang kasunod nito bilang pagpapakita ng kanilang suporta sa mga mag-aaral kasunod ang mga guro, mga alumni ng paaralan at ang mga opisyales na siyang magiging haligi ng anumang institusyon.

***Kabuuang Porsyento ng mga Mag-aaral na Naghahangad na mag-enrol ng BSED-Filipino***

Talahanayan 1




Tsart ng mga Mag-aaral na Nagnanais kumuha ng Bachelor of Secondary Education




Sa siyamnapu't pito (97) na mga mag-aaral na ito, apatnapu't walong (48) mga mag-aaral ang naghahangad na mag-enrol ng Bachelor in Secondary Education at sa apatnapu't walong (48) ito ay may labing-anim (16) na mga mag-aaral ang naghahangad na mag-enrol ng BSED Filipino. Sa estaditikal na pagsusuri ang bilang na labing-anim (16) o may katumbas na tatlumpu't tatlong porsyento (33%) ay makabuluhan na bilang ng mga posibleng mag-enrol sa Filipino kung ang pagbabasehan ay ang apatnapu't walong (48) mga mag-aaral na naghahangad na mag-enrol ng Bachelor in Secondary Education dahil may mga iba pa namang mga major kung tutuusin. Hindi bumaba sa isang-katlo ng target na mag-aaral ay interesado sa mga bagong kurso kaya ito ay maaaring ituring na isang makatwirang panimulang punto para sa pagsulong sa kursong ito.

Sa operational feasibility ang tatlumpu't tatlong (33%) bahagdan ay nagpapakita sa kakayahan ng proyekto na magampanan at mapanatili ang mga inaasahang gawain at operasyon. Nililinaw dito na kakayanin nito kung paano maisasakatuparan ang proyekto sa araw-araw na operasyon, mga kinakailangang tauhan, sistema, at iba pang aspeto ng pagpapatupad. Ang operasyonal na feasibility ay mahalaga upang matiyak na hindi lamang matagumpay sa papel ang proyekto kundi pati na rin sa praktikal na implementasyon. Sa pamamagitan ng pagbahagi ng feasibility study sa mga bahaging ito at pagbibigay ng pantay-pantay na halaga sa bawat isa (tatlumpu't tatlong bahagdan o 33.33% bawat isa), mas malalim na nai-aanalisa ang iba't ibang aspeto ng proyekto. Ito ay nagbibigay daan sa mas malalim na pag-unawa sa potensyal na tagumpay o pagkabigo ng proyekto bago ito isagawa sa totoong implementasyon nito. Sa gayon, ang feasibility study na ito ay nakatutulong upang may mabuting pagbuo ng desisyon hinggil sa pagtutuloy ng pagbubukas ng BSED-Filipino o hindi pagbubukas nito.

Ang bagong kurso kung ito man ay mabubuksan ay hinahangad ng mga mag-aaral na ituro ito ng face to face at wala isa man sa kanila ang naghangad na ito'y maituro sa modyular na pamamaraan gayundin sa panig ng mga magulang lalo pang hindi nila sinasang-ayunan ang online na pag-aaral dahil lumabas sa survey ang

kahinaan ng signal ng internet sa kani-kanilang lugar.

***Mga salik na nakakaimpluwensya sa pagbubukas ng programang Bachelor in Secondary Education major in Filipino sa MPSU –Tadian Campus***

Sa mga talang nakalap sa internal na datos at mula sa survey nagkaroon ng mga salik na maaaring nakaiimpluwensya sa pagbubukas ng bagong programa partikular ang BSED-Filipino.

**Pangangailangan sa Kurso -** Isa sa mga pangunahing salik na tinitingnan ay ang demand o pangangailangan ng mga mag-aaral para sa kursong ito. Kung mayroong malaking interes at pangangailangan para sa edukasyon sa asignaturang Filipino para sa mga mag-aaral na nagnanais maging guro, ito ay maaaring maging isang dahilan upang buksan ang kursong ito. Sa natamong tala ay may labing-anim (16) na mga mag-aaral ang naghahangad na mag-enrol sa kursong ito na hinigitan nito ang limang mag-aaral na mag-enrol sa isang asignatura upang hindi i-dissolve ang isang medyor na asignatura. Ito'y makabuluhang bilang para masabing pangangailangan ang kursong BSED Filipino. Sa buong lalawigan ng Mountain Province ay iisang pribadong paaralan lamang ang nag-aalok ng BSED-Filipino na matatagpuan sa sentro ng lalawigan at malayo sa MPSU Tadian Campus. Bagama't ito'y hindi pangunahing kurso sa CHED subalit sa kalagayan ng mga mag-aaral ay isa itong pangangailangan.

**Curriculum -** Ang kurikulum ay isang napakahalang salik na nakakaimpluwensya din sa pagbubukas ng programang BSED-Filipino na naaayon at dapat sumusunod sa CHED Memorandum No. 75 s. 2017 na naglalaman sa "*Policies, Standards and Guidelines for Bachelor of Secondary Education".* Ang kurikulum ay dapat magtugma sa mga pamantayang nakapaloob dito at makapag-aalok ng mga makabuluhang asignatura para sa mga mag-aaral. Karamihan sa mga paaralan ay kinakailangan na ang kanilang mga kurso, lalo na sa larangan ng edukasyon, ay kailangang sumailalim sa accreditation mula sa mga pambansang ahensya o mga organisasyon na naghahangad sa kalidad ng edukasyon. Ang kursong Bachelor in Secondary Education major in Filipino ay kailangang umaayon sa kurikulum ng CHED ng sa gayon ay maaari nitong higitan ang pangangailangan sa accreditation.

**Kuwalipikadong mga Guro -** Ang kolehiyo ay dapat magkaroon ng mga kwalipikadong guro o faculty members na may sapat na kaalaman at karanasan sa larangan ng Filipino at edukasyon. Ang magagaling na guro ay mahalaga para sa tamang pagtuturo at paghahanda ng mga mag-aaral na nagnanais maging guro rin. Naniniwala si Ingersoll (2020) na ang kalidad ng mga guro at pagtuturo ay walang alinlangan na kabilang sa pinakamahalagang salik na humuhubog sa pagkatuto at paglago ng mga mag-aaral. Ayon din kay Jack Canfield, ang isang kamakailang pag-aaral sa pamamahala ay nagsiwalat na 46% ng mga empleyado na umaalis sa isang kumpanya ay nangyayari dahil sa pakiramdam nila ay hindi pinahahalagahan; 61% ang nagsabing hindi sila binibigyang halaga ng kanilang mga amo bilang mga tao, at 88% ang nagsabing hindi sila tumatanggap ng pagkilala para sa trabahong kanilang ginagawa".

**Kasapatan ng Pasilidad at mga Pangangailangan -** Ang mga paaralan ay kinakailangang magkaroon ng sapat na pasilidad at kagamitan para sa tamang pagtuturo ng kurso. Kailangan ng mga libro, teknolohiya, silid-aralan, laboratoryo at iba pang kagamitan na makakatulong sa mga mag-aaral na mapagtanto ang kanilang potensyal bilang mga guro. Kailangan din na may mga paaralan kung saan maaaring i-deploy ang mga magiging student teachers. Ilan sa mga mungkahi ng mga mag-aaral ay ang magkaroon ng modyular na pagkatuto kung nagkaroon ng aberya sa pagkatuto gaya lamang ng katatapos na pandemic kaya kailangang handa rin ang kolehiyo sa mga pangangailangan na ito

**Career Opportunities -** Sa iilan lamang na mga mag-aaral ang nagpapakadalubhasa sa kursong ito subalit kung susuriin ang pangangailangan ng Departamento ng Edukasyon ay kinukulang ang mga ito. Sa tala ng dibisyon ng Mountain Province, Taong Pampaaralan (2023-2024) iilan ang mga aplikante sa Filipino sa Senior and Junior High School, ang pinakamarami ay Distrito ng Paracelis na may tatlong aplikante sa Senior High School. Samantala sa ilang distrito ay iisa o dadalawang aplikante lamang at ang ilan ay walang mga aplikante

(DepEd Tayo Mountain Province). Kumpara sa ibang medyor na halos lampas sampu ang mga aplikante kaya't ang labas nito may mga gurong nagtuturo ng Filipino kahit hindi nila major. Kaya napakalaking tulong ang pagbubukas ng Filipino major sa bawat kolehiyo upang matugunan ang pangangailangan ng DepEd.

**Partnership at Linkages ng Programa -** Ang isang magpapalakas upang ang isang programa ay mapanatili at may pagbabahagian ng kaalaman ay ang pagkakaroon ng mga linkages at partnership nang sa gayon ay magkakaroon ng mga ugnayan sa ibang ahensya at institusyon. Isang salik na magpapatibay sa pag-unlad ng programa hindi lang sa lokal na komunidad kundi maging sa pambansa at pang-internasyunal na ugnayan at kolaborasyon.

***Mga Tala mula sa sa mga datos kung feasible ang pagbubukas ng BSED-Filipino mula sa Compliance report ng MPSU -Tadian Campus at sa iba pang tala mula sa iba't ibang Departamento***

Talahanayan ng Pagtatasa sa mga Dokumento at Tala ng Institusyon

**Kwalipikasyon ng mga Guro**

<table>
<tr><th>Minimum Istandard na Kahingian ng PSG sa BSED- Filipino</th><th>Kasalukuyang Status ng Tadian Campus</th><th>Tala</th></tr>
<tr><td>Faculty teaching general education and major subjects should have appropriate master's degree in the field they are assigned to teach.</td><td>May apat na Filipino major na nagtuturo ng mga professional at general subjects. Ang mga apat na nabanggit ay lisensyadong mga guro at batay sa kanilang profile, ang tatlo sa kanila ay Master of Arts in Filipino, ang isa ay nakapagtapos ng Philosophy in Language major in Filipino samantalang ang dalawa ay kasalukuyang kumukuha din ng pagkadalubhasa sa Filipino.
<table>
<tr><td>Guro</td><td>Kuwalipikasyon</td></tr>
<tr><td>Cristine D. Olayen</td><td>Doctor of Philosophy in Language – Filipino<br><br>Master of Arts in Filipino</td></tr>
<tr><td>Lydia G. Plomen</td><td>Doctor of Education<br><br>Master of Arts in Filipino</td></tr>
<tr><td>Martin T. Wapan</td><td>Doctor of Philosophy in Language – Filipino – kasalukuyang tinatamo<br><br>Master of Arts in Filipino</td></tr>
<tr><td>Olivia L. Yangat</td><td>Doctor of Philosophy in Filipino Language – ksalukuyang tinatamo<br><br>Master of Arts in Filipino</td></tr>
</table></td><td>Sa kasalukuyan ay nagtuturo ang mga gurong ito ng Professional at General Education Subjects</td></tr>
</table>

**Practice Teaching Deployment**

| Minimum Istandard na Kahingian ng PSG sa BSED- Filipino | Kasalukuyang Status ng Tadian Campus | Tala |
|---|---|---|
| *The TEI should maintain a facility within which the students can undertake their field study. This facility may be a laboratory school administered by the TEI. In cases when the TEI has no laboratory school, the TEI must have a longterm memorandum of agreement with a Department of Education cooperating school or within a cluster of cooperating schools within which students can undertake their field study and practicum courses.* | Ang MPSPC sa kasalukuyan ay may Memorandum of Agreement (MOA) sa Department of Education (DepEd), Division of Mountain Province kung saan tinatanggap nila ang mga mag-aaral mula sa MPSU na magkaroon ng practice teaching sa kanilang mga paaralan. Taong 2018 din ay nagkatroon din Memorandum of Agreement sa pagitan ng MPSU at Catholic Schools of Mountain Province (CSMP) kaya't sila din ay tumatanggap ng mga practice teachers ng kolehiyo mula sa taong iyon. | *Curriculum for the Bachelor of Secondary Education, Enhanced March 2022.* |

**Budgetary Requirement**

| PROJECTED COST | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Year 1 | Year 2 | Year 3 | Year 4 | Total Costs |
| Guro | | | | | |
| Instructor 1 (COS) - Salary | 291, 650.00 | 291, 650.00 | 291, 650.00 | 291, 650.00 | 1, 166, 600.00 |
| Trainings | 6,000.00 | 18,000.00 | 18,000.00 | 18,000.00 | 60,000.00 |
| Supplies | 15,000.00 | 15,000.00 | 15,000.00 | 15,000.00 | 60,000.00 |
| Additional: Share of BSED-Filipino | | | | | |
| Books | 9000 | 12000 | 9000 | 0 | 30,000.00 |
| Repairs (Rooms) | 9000 | 5000 | 5000 | 0 | 19, 000.00 |
| Maintenance (Laboratory) | 5000 | 7000 | 8000 | 9000 | 29,000.00 |
| TOTAL: | | | | | 1, 364,600.00 |
| STUDENT BILLING | | | | | |
| Tuition Fee - 16 na mag-aaral | 166, 400.00 | 332,800.00 | 499, 200.00 | 665, 600.00 | 1, 664, 000.00 |
| Benefit Cost: | | | | | |
| Student Billing | 1, 664, 000.00 | | | | |
| Projected Cost | 1, 364,600.00 | | | | |
| Remaining Budget: | P299, 400.00 | | | | |

Bagamat Malaki ang projected cost na gugugulin sa loob ng apat na taon sa pagbubukas ng bagong kursong ito, kapag itatapat naman sa student billing ay magkakaroon pa rin ng natitirang budget na P299,400.00 kayat hindi kalugian para sa kolehiyo kaya nitong mapanatili ang pagiging sapat ng pondo batay sa dami ng mag-eenrol. Ipinapakita nito na ang programa ay may sapat na financial resources upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral na mag-eenrol gayundin sa magiging sahod ng mga guro. Ang pagkakaroon ng sapat na pondo ay nagbibigay ng kasiguraduhan na ang nasabing programa ay maaaring magtagumpay at magpatuloy sa pagbibigay ng edukasyon sa larangan ng Filipino sa mga darating na panahon.

**Kasapatan ng pasilidad, kagamitan at serbisyo ng paaralan**

| | Minimum Istandard na Kahingian ng PSG sa BSED- Filipino | Kasalukuyang Status ng Tadian Campus |
|---|---|---|
| **a. Laboratory, Physical Facilities and Library** | *Should conform to existing CHED requirements for libraries which are embodied in a separate issuance. The library must maintain a collection of updated and appropriate/suitable textbooks and references used for the core courses in the curriculum. Library resources should complement curriculum delivery to optimize the delivery of the program outcomes of the BSED program.* | Mayroong umiiral na mga nakabahaging shops ng laboratoryo para sa lahat ng mga major na inaalok sa kolehiyo. May Speech Laboratory, Research Room, Creative Arts Room, Computer Laboratory Room, Physics Room, Biology Laboratory, Chemistry Laboratory, College Audio-Visual Room at ang malawak na College Oval para sa Physical Education Classes. Nakasunod ang kolehiyo sa minimum na pamantayang itinakda ng CHED sa TEI at mayroong laboratoryo ng Educational Technology para sa mga mag-aaral sa edukasyon. Ang Audio Visual at iba pang kagamitan sa pagtuturo ay ipinapakita sa loob. Gayundin, isang kumpletong hanay ng mga computer na may printer, isang smart TV at isang LCD projector ay available sa kuwarto upang suportahan ang pag-aaral at pagtuturo.<br><br>Ang Kolehiyo ay may gusaling aklatan na may isang malawak na lugar ng pagbabasa na umaayon sa pamantayan at may koleksyon ng mga aklat at iba pang mapagkukunan ng aklatan upang suportahan ang pinakamainam na paghahatid ng kurikulum. Ang College Library ay pinamamahalaan ng isang lisensyadong Punong Librarian na may digri ng doctorate. Siya ay suportado ng isa pang lisensyadong librarian na namamahala sa library ng campus na may 2 mga kawani ng aklatan upang tumugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. |
| **b. Laboratory School or Cooperating Schools** | *The TEI should maintain a facility within which the students can undertake their field study. This facility may be a laboratory school administered by the TEI. In cases when the TEI has no laboratory* | Ang MPSU sa kasalukuyan ay may Memorandum of Agreement (MOA) sa Department of Education (DepEd), Division of Mountain Province kung saan tinatanggap nila ang mga mag-aaral mula sa MPSU na magkaroon ng practice teaching sa kanilang mga paaralan. Taong 2018 din ay nagkaroon din Memorandum of Agreement sa pagitan ng |

| | | |
|---|---|---|
| | *school, the TEI must have a long-term memorandum of agreement with a Department of Education cooperating school or within a cluster of cooperating schools within which students can undertake their field study and practicum courses.* | MPSU at Catholic Schools of Mountain Province (CSMP) kaya't sila din ay tumatanggap ng mga practice teachers ng kolehiyo mula sa taong iyon. Sa kalagayan ng MPSU sa kanilang pagkakaroon ng MOA sa mga ahensyang ito ay kanilang isinasaalang-alang ang mga hakbang na maaaring gawin ng mga instructor upang makahanap ng mga potensyal na partner sa pagkonsulta at kanilang tinukoy ang mga parameter ng pagiging partner nila sa pagpapaunlad sa kalagayan at kabutihan ng mga mag-aaral. |

## 6. Kongklusyon at rekomendasyon

Pagkatapos ng masusing pagsusuri sa mga nakolektang mga datos, ito ay nagbigay-daan upang matanto ang mga kongklusyon at mga mungkahi o rekomendasyon ng pag-aaral na ito.

**Mga Kongklusyon:**

Sa mga suliranin ng pananaliksik na inilahad mo, narito ang mga kongklusyon:

1. Batay sa mga datos at impormasyong nakuha mula sa survey o pag-aaral, ang mga mag-aaral na naghahangad na kumuha ng Bachelor in Secondary Education major in Filipino ay may kabuuang tatlumpu't tatlong bahagdan (33%) mula sa kabuuan. Ito'y sapat na bilang ng mga mag-aaral upang mabuksan ang bagong programa.

2. Ang pag-aaral ay nagpakita na may iba't ibang mga salik na nagbibigay impluwensya sa pagbubukas ng programang BSEd Filipino sa Tadian Campus. Kasama na demand ng mga mag-aaral na nangangailangan sa kurso, ang kuwalipikadong mga guro na magtuturo sa Filipino, kasapatan ng pasilidad at serbisyo at oportunidad ng pagkakaroon ng trabaho. Ang mga salik na ito ang siyang dapat isaalang-alang sa pagbubukas ng kursong ito.

3. Ang feasibility ng pagbubukas ng programang BSEd Filipino sa Tadian Campus ay positibo, hindi man ito ang isa sa pangunahing kurso ng CHED sa kasalukuyan subalit ito'y isang pangangailangan kung kaya't iniendorso ng pag-aaral na ito ang pagbubukas ng kursong ito. Ito'y pinatitibayan ng mga sumusunod na tala:

a. Profile ng Instructors - may sapat at kompetenteng mga guro sa Filipino na may angkop na background at kwalipikasyon, kayat mas malaki ang posibilidad ng pagbubukas ng kurso.

b. Practice Teaching Deployment – Ang DepEd at ang CSMP ay magandang placement ng mga mag-aaral sa kanilang practice teaching para sa kanilang pag-unlad bilang mga guro. Ang pagkakaroon ng mga kaakibat na paaralang ito ay para sa kanilang praktikal na karanasan at magpapataas sa kalidad ng kanilang pagtuturo bilang mga guro sa kinabukasan.

c. Budgetary Requirement – May sapat na pondo mula sa student billing para sa mga pasilidad, materyales, at sahod ng mga guro batay sa profile ng mga instructors, pasilididad ng paaralan at permanente ang mga gurong magtuturo.

d. Kasapatan ng pasilidad, Kagamitan, at Serbisyo - Ang mga pasilidad, kagamitan, at iba pang serbisyong pang-edukasyon ng paaralan ay sapat at kaaya-aya para sa mga mag-aaral ng BSEd Filipino. May ilang mga aklat sa medyor na aralin ang kailangan lamang na bilhin upang magkaroon ng mga sanggunian.

Ang pagbubukas ng programang BSEd Filipino sa Tadian Campus ay may mataas na posibilidad ng tagumpay dahil sa sapat na interes ng mga mag-aaral at pagkakaroon ng kwalipikadong mga guro. Ang sapat na pondo at maayos na pasilidad ay magtitiyak ng financial stability at magandang kapaligiran sa pag-aaral. Ang praktikal na karanasan sa practice teaching ay magpapataas sa kakayahan ng mga mag-aaral bilang mga guro sa hinaharap. Ang pagbubukas ng bagong kurso na ito ay makatutulong nang malaki sa mga magulang na

mapagtapos ang kanilang mga anak sa isang de kalidad kolehiyo na malapit sa lugar at hindi pagbabayad ng malaking matrikula gayundin sa mga mag-aaral na nagnanais kumuha sa kursong ito.

**Rekomendasyon:**

Mula sa mga konklusyon ay nabuo ang mga rekomendasyong ito:

1. Malaga na tugunan ng kolehiyo ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa kursong ito subalit maaaring magkaroon pa ng pagsasagawa ng malalim na pagsusuri o survey upang maunawaan nang mas mabuti ang mga kadahilanan at motibasyon ng mga mag-aaral na nagnanais kumuha ng BSEd Filipino. Ito ay makakatulong sa pagpaplanong pang-akademiko.

2. Sa pangkalahatan, ang mga natagpuang salik na nagbibigay impluwensya sa pagbubukas ng programang BSEd Filipino sa Tadian Campus ay dapat tiyakang isaalang-alang upang matiyak ang tagumpay at epektibong pagpapatupad ng naturang kurso.

*Ang mga sumusunod ay ilang mahahalagang rekomendasyon:*

- Pagtugon sa Demand ng mga Mag-aaral: Mahalaga na tiyakin na ang pagbubukas ng BSEd Filipino program ay tugon sa aktwal na pangangailangan ng mga mag-aaral.
- Kwalipikadong Mga Guro: Mahigpit na kinakailangan ang presensya ng mga guro na mayroong sapat na kwalipikasyon at karanasan sa pagtuturo ng Filipino. Dapat itong tiyakin upang mapanatili ang mataas na kaledad ng edukasyon na ibinibigay sa mga mag-aaral.
- Kasapatan ng Pasilidad at Serbisyo: Upang matiyak ang epektibong pagtuturo at pag-aaral, mahalaga ang pagkakaroon ng sapat at maayos na pasilidad. Dapat tiyakin ng kolehiyo na mayroong sapat na silid-aralan, teknolohiya, aklat, at iba pang kagamitan na magpapalakas sa pag-unlad ng mga mag-aaral.
- Oportunidad ng Pagkakaroon ng Trabaho: Isang mahalagang aspeto ng pag-aaral ay ang potensyal na trabaho o propesyon na maaaring pasukin ng mga mag-aaral matapos nilang makumpleto ang kurso. Mahalaga ang pakikipag-ugnayan sa mga employer at industriya upang matukoy ang aktwal na demand para sa mga graduates ng BSEd Filipino.
- Regular na Pagsusuri at Pag-evaluate: Mahalaga ring magkaroon ng regular na pagsusuri at pagsusuri sa programang BSEd Filipino. Ito ay upang matiyak na ang mga layunin ng kurso ay natutupad at napapanatili ang mataas na antas ng kalidad sa edukasyon.

3. Batay sa mga tala at kongklusyon, ang pagkakaroon ng BSEd- Filipino sa Tadian Campus ay inirerekomenda ng pag-aaral na ito subalit upang maging matagumpay ang pagbubukas nito ay may inirerekomenda rin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

- Pagpapatuloy ng Pagsasanay ng mga Guro: Upang masiguro ang kalidad ng pagtuturo, mahalaga na patuloy na magkaroon ng pagsasanay para sa mga guro sa Filipino. Dapat tiyakin na ang mga itatalagang guro ay may sapat na kaalaman at kasanayan sa wika at panitikan upang mapanatili ang mataas na kalidad ng edukasyon sa programang BSEd Filipino. Sa recruitment din na proseso ay nararapat lang din na masunod ang kinakailangang kwalipikasyon ng guro na magtuturo sa kursong ito.
- Pagsusulong ng Maayos na Praktikal na Karanasan: Ang pamamahagi ng mga mag-aaral sa magandang placement para sa kanilang practice teaching ay mahalaga upang mapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan bilang mga guro. Mahalaga ring siguruhing ang mga paaralang ito ay patuloy na nagbibigay ng mataas na kalidad na praktikal na karanasan para sa mga mag-aaral.

- Mahusay na Financial Management: Sa pagpapatakbo ng programang BSEd Filipino, mahalaga ang mahusay na financial management upang tiyakin ang sapat na pondo para sa mga kinakailangang pasilidad, materyales, at sahod ng mga guro. Dapat itong isama sa mga plano at patakaran.

- Pagpapanatili sa Kalidad ng Pasilidad at Kagamitan: Mahalaga ang regular na pag-audit at pagsusuri ng kalidad ng pasilidad at kagamitan na magagamit ng mga mag-aaral sa programang BSEd Filipino. Kailangang tiyakin na ang mga ito ay laging maayos, sapat, at kaaya-aya upang mapanatili ang magandang karanasan sa pag-aaral.

## 7. Mga Sanggunian


Augusto, W. (2020). *Sulyap sa buhay ng mga gurong nagtuturo ng Filipino bilang out-of-field: isang penomenolohikal na pagsusuri.* Cebu Normal University.

Bayani, R. T., & Guhao Jr, E. S. (2017). Out-of-field teaching: Experiences of non-Filipino majors. *International Journal of Education, 5*(11), 91-127.

CHED Memo No. 75 s. 2017(2017). Policies, standards and guidelines for bachelor of secondary education. https://ched.gov.ph/central-office/

DepEd. (2013). Our department of education vision, mission and core values (DepEd VMV). DepEd Order no. 36 series of 2013.

Desai, A. et al. (2021) Differences in consulting experiences with for-profit and non-profit clients: Implications for practice and research. *The International Journal of Management Education, 19*(3).

Hung, M., et al. (2023) Harvard to offer tagalog language course for first time in university history. *The Harvard Crimson Article.* Retrieved from https://api.thecrimson.com/article/2023/3/24/harvard-teaches

Ingersoll, R. (2020). Misdiagnosing the teacher quality problem. *The State of Education Policy Research*. Retrieved from ttps://www.taylorfrancis.com/chapters/edit/10.4324/9781003064466-24/misdiagnosing-teacher-quality-problem-richard-ingersoll

Maaliw III, R., et al. (2020). A feasibility study on the program offering of Bachelor of Science in Information Technology (Web and Mobile Applications Development). https://www.researchgate.net/publication/350256895_A_Feasibility_Study_on_the_Program_Offering_of_Bachelor_of_Science_in_Information_Technology_Web_and_Mobile_Applications_Development

Malek, M. A., & Mishra, L. (2016). Quality assurance in teacher education. *International Journal of Peace, Education and Development, 4*(1), 25-29.

Morgan, B., et.al. (2018) Do feasibility studies contribute to, or avoid, waste in research? *Retrieved from google scholar.* https://doi.org/10.1371/journal.pone.0195951

Perusso, A. et al. (2020). Assessing the authenticity of cases, internships and problem-based learning as managerial learning experiences: Concepts, methods and lessons for practice. *Retrieved from International Journal of Management in Education, 18*(3).

Santos, T. (2012). The varsitarian. The Official Student Publication of the University of Santo Tomas. https://varsitarian.net/filipino/20120818/filipino_bilang_komunikasyong_global